# Kabanata 14:
# ANG TIKBALANG

"KUNG BIBIGYAN KA NG pagkakataong pumili ng makakalaban sa mundo ng Huklob, 'wag na 'wag mong pipiliin ang Tikbalang." Sinabihan siya ni Kenneth kahit alam nilang pareho na wala naman silang pagpipilian kundi harapin ang malaking nilalang sa harap nila.

Kapag sinabing Tikbalang, laging ulo ng kabayo ang naiisip. Laging kalahating tao, at kalahating kabayo. Laging iniisip na pangit, laging iniisip na napakapangit. Sa lahat ng Tikbalang na napanood ni Iska sa telebisyon, at sa *internet*, namumukod-tangi ang Tikbalang sa harap niya.

Napakaputi nito. Tila nagniningning sa kintab. Napakahaba ng buhok na kulay puti, pero hindi siya pinatanda ng kulay na ito ng buhok. Bagman amoy sigarilyo, mapapansin kung paanong nangungusap ang mga mata nito. Makulay ang mga talukap, kumbaga sa dalaga ay kompleto ang *makeup* nito. Hindi ordinaryong sigarilyo ang hawak ng Tikbalang. Hawak nito ang isang *vape* na ginagamit ng mga kaibigan ng kaibigan niya sa *last section*, pero siyempre, hindi ito alam sa *school*.

"Maligayang pagdating sa Huklob, *guys*!" Ito ang bungad ng Tikbalang sa harap nila. Hindi gaya ng Tikbalang sa telebisyon, napakalambing ng boses nito. Nanlamig si Iska sa boses nito. Bagaman tunog na tila bati ng kaibigan, nakakatakot pa rin. Masyadong masayahin at mapang-aliw ang boses ng kausap nilang Tikbalang. Huklob ba talaga ang pinuntahan nila?



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 118 11/20/2024 8:07:12 AM

"Ako nga pala si Tess. Kung hindi ako nagkakamali, kayo na ba ang sinasabi ni Baku na magtatangkang kumuha ng kampana?"

Napaatras sina Iska at Kenneth. Lalong nanigas sa takot si Kiko. Naramdaman ito ng malaking nilalang sa harap nila. Tatlong beses ang laki ng Tikbalang na ito kay Iska. Gayon rin kay Kenneth. Paano kaya nila ito malalagpasan? Kung ilabas man ni Iska ang pana at palaso, baka isang sipa lang sa kaniya nito, mawalan na agad siya ng malay.

Tinanong ni Iska si Kiko. "Akala ko, lalaki ang mga Tikbalang."

Narinig ito ni Tess na Tikbalang. "Iyon ang akala n'yo. Mahilig kayong mag-stereotype na porket Tikbalang, lalaki agad. Ano palagay n'yo sa 'min? Paano naman kami dadami?" Huminto sa pagpapaliwanag si Tess, na tila nabagabag sa salitang marami. "Na-stress na nga ako kasi halos wala nang malinis na punong puwedeng tambayan. 'Kaloka. Buti na lang may puno pa rito sa Taktak. Lahat na lang 'ata ng bahagi ng bundok pinatag para gawing semento o gawing *subdivision*. 'Kaloka. Sana man lang nagtira ng *green spaces*," dugtong pa niya.

Nalunod si Iska sa dami ng reklamo ng nilalang sa harap niya. Pero may punto naman ang kausap. Hindi lang Tikbalang ang nawawalan ng tirahan tuwing nababawasan ang mga puno. Nawawalan din ng natural na tirahan ang mga ibon at iba pang hayop.

"Hindi ako naparito para makipag-away sa inyo. Nandito lang naman ako para bantayan ang kampana. Malapit na kasi ang kabilugan ng buwan. Hay. Kung hindi ko lang kailangan ng mas maraming puno, hindi ko talaga *bet* sumasakay sa trip ng Bakunawa." Nakuha pa ng Tikbalang na magpaliwanag sa kanila.

"Kung hindi ka makikipag-away sa amin, pwede bang padaanin mo na lang kami?" tanong ni Iska na tinawanan ni Kenneth na nagyayabang pa sa tabi.

"Palalagpasin ko lang kayo kung masasagot n'yo ang mga bugtong ko nang tama! *Go* ba kayo? May tatlong bugtong lang ako. Kung masagot n'yo ang lahat ng tanong na iyon, malaya na kayong makakadaan. Ayoko ring ubusin ang oras ko sa inyo lalo pa't hindi ninyo naman ako kayang tapatan sa lakas. Sayang ang *physical energy* ko. Bugtong na lang. Ano, tinatanggap n'yo ba ang hamon ko?"

"May iba pa ba kaming pagpipilian? Wala naman. Kaya sige, sabihin mo na ang tatlong palaisipan mo," lakas-loob na sagot ni Kenneth.

"Palalagpasin ko kayo kapag nasagot n'yo ang tatlong tanong. Pero, kung kayo ang matatalo, papayag kayong maging tagapagsilbi ko habang-



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 119 11/20/2024 8:07:12 AM

buhay? *Go* ba?" tanong ng Tikbalang sa dalawa. "Lilinisin n'yo lagi ang mga kuko ko kapag natalo kayo!"

Tumango sina Iska at Kenneth dahil wala naman silang pagpipilian. Umatras sila upang magplano, mag-isip, at magbalak ng mga susunod na gagawin.

"Kilala ang Tikbalang na si Tess bilang mapanuri sa isyung panlipunan. Kilala rin siya sa mga taga-Hiwaga, dahil ilang beses na rin siyang nakikitang naglalakad-lakad kasama ang mga estudyante sa anyong tao nito. Tuwing matatapos ang klase, nakikisalamuha ito sa mga bata. Hindi naman siya pinipigilan dahil wala naman siyang ginagawang masama. Kaya lang, kilala siya bilang masyadong matalino at hindi nagpapaloko."

"Wow, Kenneth. *Para kang walking dictionary*. So ano'ng plano?"

"May panahon din na nagtrabaho siya bilang *substitute teacher* dahil lang gustong-gusto niya magturo ng Kasaysayan sa mga *high school students*. Sa totoo lang, kakaiba siya sa lahat ng nilalang sa Huklob," paliwanag ni Kenneth. "Plano? Walang plano kundi sagutin ang tanong niya."

Naputol na ang usapan ng dalawa nang tinawag na sila ng Tikbalang na si Tess. Halatang sabik itong magbigay ng bugtong dahil umupo pa ito upang maabot lang ng dalawa ang tingin niya. Ibinaba ng maputing Tikbalang ang tingin sa mga nasa harap niya. Nanigarilyo muna ito gamit ang kaniyang *vape* at nagbuga ng isang kakakaibang usok. Kulay pula ito na para bang nagbabadya ng panganib. Amoy suha ang inilabas na usok sa *vape* ni Tess

Napalunok na lang ng laway si Iska. Sana hindi sila magkamali.

"Ito ang unang bugtong," sabi ni Tess ang Tikbalang. "Maliit na parang sibat, sandata ng mga pantas!"

Binalikan ni Iska ang mga bugtong na narinig niya sa klase nila sa Filipino. Wala sa mga naitanong ni Bb. Masangkay ang bugtong na mula sa Tikbalang. Hindi rin naman mukhang sasagot si Kenneth dahil kanina pa ito nakatingin sa malayo.

"May isang minuto kayo para sumagot, *guys*. Tandaan na sa bawat bugtong, may pagkakataon kang magkamali ng dalawang beses. Sa ikatlong maling sagot, ekis ka na," sabi ni Tess, ang Tikbalang.

"Kutsilyo?" mabilis na sagot ni Kenneth.

Humalakhak ang kabayo na parang hudyat na katapusan na ng mundo. "Mali!"



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 120 11/20/2024 8:07:12 AM

Nagalit si Iska kay Kenneth sa pagsingit nito. Nagmamadali masyado si Kenneth at maaaring ikapahamak nila itong dalawa! "Puwede ba, mag-isip ka muna!" sabi ni Iska.

"Itak!" muling sagot ni Kenneth.

Sa inis ni Iska, hinawakan niya ang tainga ni Kenneth at pinigilang magsalita. Tinakpan ni Iska ang bibig ni Kenneth. Natawa naman si Kiko. "Isa pang maling sagot, malalagot ka sa akin!"

Nag-isip nang mabuti si Iska. May dalawampung segundo na lang. Ang salitang pantas ay tumutukoy sa mga marurunong, nag-aaral, at matatalino. Naalala niya kung paanong ipinaliwanag ni Bb. Masangkay kung paanong naging panulat ang siyang ginamit na sandata ni Rizal. Maaaring ito ang sagot, dahil minsan, hindi naman nadadaan sa dahas ang lahat. Sa pagkakaalala niya kay Rizal, maaaring ito ang naging sandata niya. "Alam ko na! Pluma o panulat!"

Lumukso ang Tikbalang sa tuwa. "Tumpak, Iska! May isang puntos ka na!"

Bakas sa mukha ni Kenneth ang pagkadismaya sa sarili. Muntik na sila.

"Handa na ba kayo sa ikalawang bugtong?" Humanga si Tess kay Iska. Nadismaya naman nang bahagya kay Kenneth. Sa isip pa niya, *girl power.*

Tumango sina Iska at Kenneth, pero walang sagot si Kiko dahil nagugutom na siya. Kung may dahilan lang para hindi sumama, sana nagpaiwan na lang siya.

"Isang panyong parisukat, kung buksan ay nakakausap." Naningkit ang mga mata ni Tess kahit bilugan naman ang mga mata nito. Nagpausok din siya gamit ang *vape*.

Napahawak si Iska sa *bangs* na tila mas malalim pa sa ugat ng tipolo ang iniisip. Napaisip din si Kenneth at napatingin sa taas. Wala pa ring maisip si Kiko na ambag sa pagsubok na ito.

Bumulong si Iska kay Kenneth. "Ano sa palagay mo ang sagot?"

Hindi sumagot si Kenneth. Naisip ni Iska na baka nahiya na ito na sumagot.

"May isang minuto kayong muli para sumagot. *Good luck*!"

"Telebisyon?" sagot ni Iska. "Parisukat ito at may salitang lumalabas dito."

"Mali! Oo at parisukat ito ngunit hindi ito kahulma ng panyo. Manipis lang ang panyo, Iska," paliwanag ng Tikbalang na kanina pa nanunuya sa kanilang tatlo. Ngayon lang napansin ni Tess si Kiko na kapit na kapit sa balikat ni Iska. Gusto niyang kunin ito. Gawing tagalinis ng kuko.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 121 11/20/2024 8:07:12 AM

"Alam ko na! Bintana! Parisukat ang bintana, manipis din ito, at kaya nitong magbigay ng kausap kung may tao sa kabila."

Lalong lumakas ang tawang-kabayo ng Tikbalang. "Pasensiya ka na talaga, Iska, pero mali ka pa rin. May isang *chance* ka na lang sumagot. *Beginner's luck* lang 'ata iyong kanina."

Sumingit sa usapan si Kenneth. "Sulat?" tanong nito.

Sa una, sumimangot si Tess, subalit sa ngiting-kabayo nito, naramdaman ni Kiko na tama ang sagot ni Kenneth! "Tumpak, Kenneth! Sulat ang tamang sagot."

Lumapit si Iska kay Kenneth at bumulong. "Paano mo naman nasabing sulat?"

"Wala ka bang sinulatan dati? Hindi ba kapag sumusulat ka, nakikipag-usap ka? Ang papel ay madalas hugis parisukat. Manipis din ito gaya ng panyo." Huminto si Kenneth.

*Sana pala pinakinggan kong maigi 'yong tanong,* naisip ni Iska. Nadala siya ng unang pagkapanalo. Masyado siyang naging kampante at tiwala sa sarili palibhasa nagkaroon siya ng tamang sagot. Akala niya, tama uli ang una niyang naisip. Hindi pala ganoon kadali.

Kailangang masagot nila nang tama ang huling tanong. Kapag nagkamali sila, magiging alipin na sila ng isang Tikbalang. Hindi niya lubos maisip na sa hinahaba-haba ng pagsasanay niya, dito lang pala siya mauuwi—ang maging tagapaglinis ng kuko ng Tikbalang.

"Kailangan nating mas pag-isipan pa ang sagot natin sa susunod na tanong, Iska," bulong ni Kenneth. Sa bulong na iyon ni Kenneth, tila nawala ang lahat ng kaba na nararamdaman ni Iska. Para bang dahil sa bulong at suporta na iyon, kayang-kaya ni Iska na patumbahin ang Tikbalang sa harap niya.

*Ano ba 'tong naiisip ko? Seryoso ba? Sa gitna talaga ng pagsubok?*

"Handa na ba kayo sa huling tanong, *guys*?" tanong ng Tikbalang.

Tumango uli ang dalawa. Tumayo nang tuwid na para bang handa na sa kung anong mangyayari. Pakiramdam ni Iska, nasa *game show* siya at ang susunod na tanong ay ang pang-*one million pesos* na. Pero kakaiba ang game show na ito, iba ang kabang mararamdaman ng manlalaro.

Pinapanatag naman ni Kenneth ang loob ni Iska sa pamamagitan ng pagtapik nito sa likod. Napalunok muli ng laway si Iska. Sana sa pangatlong bugtong, sana tama sila.

"Heto na ang ikatlong bugtong! Isang butil ng palay, sakop ang buong bahay." Ngumiti ang Tikbalang nang napakalapad matapos sabihin ang ikatlong katanungan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 122 11/20/2024 8:07:12 AM

"Pag-isipan muna nating maigi. Ano ba ang mukhang palay na makikita sa bahay? O palay na makakasakop sa bahay?" tanong ni Iska.

Wala pa ring ambag si Kiko kundi ang umarte na parang nag-iisip.

Walang sagot si Kenneth. Kaya naman nagsalitang-muli si Iska. "Hangin?"

"Pero hindi siya butil," sagot ni Kenneth "Ano ba ang nakakasakop sa bahay?"

"Pag-ibig?" singit ni Kiko. Tiningnan siya nang masama nina Iska at Kenneth. "Biro lang, kayo naman!" May tatlumpung segundo na lang ang natitira.

Huminga nang malalim si Iska. Binalikan niya ang pagkabata kung saan siya kinukuwentuhan ni Lola Da. Pagkatapos ng kuwento ay papatayin na nito bombilya nila sa kuwarto. Hudyat na para matulog siya.

"Tama! Bombilya!"

Ibinulong niya muna kay Kenneth ang kaniyang isasagot. "Bombilya dahil hugis-palay ito at ang ilaw nito ang siyang nagbibigay ng liwanag sa buong bahay."

Nang sumang-ayon si Kenneth, sinabi na ni Iska ang kaniyang sagot sa harap ng Tikbalang na nakayuko at handang makinig kay Iska.

Pagkabulong ni Iska sa Tikbalang, nagulat si Kenneth nang bigla silang buhatin ng napakalaking nilalang.

"Magaling, magaling!" aliw na aliw na pagkakasabi ng Tikbalang sa kanilang dalawa. "Akala ko ay tulad lang kayo ng ibang kabataan na walang alam pagdating sa mga bugtong ng bayan! Nagkakamali pala ako. Kaya naman, bilang regalo at pabuya sa inyo, ilalabas ko na kayo sa mga baleteng ito."

Malakas ang yabag at ingay ng paghakbang ng Tikbalang. Pero mas malakas ang kabog ng dibdib ni Iska tuwing mapapadikit ang braso kay Kenneth.

Mula sa itaas, nakita ng dalawa na ang kanina pa nilang nilalakaran ay isang nakaliligaw na *maze* na walang tiyak na labasan.

"Galingan ninyo."

Nang makalayo mula sa palaisipang daan, ibinaba na ng Tikbalang sina Iska at Kenneth. Nagpasalamat ang dalawa sa Tikbalang bago pa ito magtatalon paalis. Nagpaalam ang Tikbalang sa pamamagitan ng pagpapausok uli. Sa pagitan ng usok, nawala ito bigla.

Dumikit sa damit nilang dalawa ang amoy ng sigarilyo na kanina pa nito hinihitit sa kanilang paglalakbay.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 123 11/20/2024 8:07:12 AM

Bumungad naman sa kanila ngayon ang bukana papasok sa isang napakahiwagang gubat. Mahiwaga dahil hindi gaya ng mga berdeng dahon ng karaniwang puno, ang gubat dito ay may dilaw, lila, at itim na mga dahon. Naglalakihan at naglalaparan din ang mga dahong ito. Parang kaya silang lamunin ng mga halaman sa kahit anong oras. Tila isang arko ng mga punong malapit nang matuyo ang sumalubong sa kanila.

“Tara?” yaya ni Kenneth. “Wala naman tayong ibang magagawa kundi ang umabante.

“Tara,” sagot ni Iska.

Sa lahat ng paglalakbay na naranasan ni Iska, ito na ang nakakatakot. Una, hindi pa rin nila nakikita ang kampana. Sa mundo ng Huklob, nawawala ang kamalayan sa oras sa Hiwaga o sa oras ng mga mortal. Bagaman wala sa kanila ni Kenneth ang malay sa oras, nakabibigla pa ring marinig ang isang halakhak na nanggagaling sa dulo ng malawak na damuhang ito.

Napakalakas ng tawa, parang wala nang katapusan ang tawang ito. Saan ito galing?



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 124 11/20/2024 8:07:12 AM